# Ang Pinagpala at Maligayang Kalagayan ng mga Yaong Sumusunod sa mga Kautusan

**AKTIBIDAD A**

## "Isaalang-alang ang pinagpala at maligayang kalagayan ng mga yaong sumusunod sa mga kautusan ng Diyos. . . . Sila ay pinagpala sa lahat ng bagay, kapwa temporal at espirituwal."

Tingnan ang mga pagpapalang inilista mo sa simula ng lesson na ito. Magdagdag pa ng mga pagpapala na maiisip mo. Salungguhitan ang mga pagpapalang mas temporal at bilugan ang mga pagpapalang mas espirituwal. Matatanto mo na ang ilan ay akma sa dalawang kategorya.

- Anong katibayan ang nakita mo sa iyong buhay na totoo ang pahayag na ito mula sa Mosias 2:41?
- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 130:20–21. Ano ang natututuhan mo tungkol sa kaugnayan ng pagsunod sa mga kautusan at pagtanggap ng mga pagpapala ng Diyos? Maaari mong i-cross reference o iugnay ang mga talatang ito sa Mosias 2:41.
- Sa iyong palagay, bakit tayo binibigyan ng Ama sa Langit ng temporal at espirituwal na mga pagpapala? Ano ang itinuturo nito tungkol sa Kanya?

**AKTIBIDAD B**

## "Kung sila ay mananatiling matapat hanggang wakas, sila ay tatanggapin sa langit upang doon sila ay manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan."

Isulat ang pahayag na ito sa gitna ng isang blangkong pahina sa iyong study journal, at mag-iwan ng espasyo sa paligid nito upang makapagsulat ng mga tala. Bilugan ang mga salita o parirala sa pahayag na mahalaga sa iyo. Maglagay ng word bubble sa bawat binilugang salita o parirala, at sumulat ng kahulugan, mga kaugnay na scripture passage, o anumang iba pang mga ideyang mayroon ka.

Halimbawa, kung binilugan mo ang pariralang "tatanggapin sa langit," maaaring kabilang sa kaugnay na word bubble ang isang bagay tulad ng "Ang salitang tatanggapin ay nagpapahiwatig na may isang tao roon na naghihintay o umaasa sa akin. Itinuro ni Jesus na maghahanda Siya ng lugar para sa atin sa langit at tatanggapin tayo roon (tingnan sa Juan 14:2–3). Ang mapagmahal kong mga magulang sa langit at si Jesucristo ay naroroon at tatanggapin nila ako kung mananatili akong matapat."

Gumawa ng word bubble para sa bawat salita o parirala na binilugan mo. Bigyang-pansin ang mga tanong o impresyon na maiisip mo.

- Ano ang mga nalaman mo habang ginagawa ang aktibidad na ito?
- Paano makatutulong sa iyo ang mga ideyang ito sa iyong buhay ngayon?

**AKTIBIDAD C**

## "Tandaan, tandaan na ang mga bagay na ito ay totoo; sapagkat ang Panginoong Diyos ang siyang nagsabi ng mga ito."

- Ano ang ilang bagay na madaling tandaan? Anong mga bagay ang mas mahirap tandaan?

Alalahanin ang natutuhan mo tungkol sa Diyos sa iyong pag-aaral ng Mosias 2. Basahin ang Mosias 2:22, at alamin ang mga walang-hanggang katotohanan tungkol sa Diyos.

- Ano ang alam mo tungkol sa Diyos na makatutulong sa iyo na magtiwala sa Kanyang mga pangako at sundin ang Kanyang mga kautusan?
- Ano ang magagawa mo upang matandaan ito tungkol sa Kanya?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.

PD60013873_893_173-teacher_handout-1